ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LIV Blg. 22
Nobyembre 21, 2023
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Paigtingin ang paglaban sa rehimeng US-Marcos sa gitna ng krisis at sigalot

Binabayo ngayon ng magkapanabayang krisis sa ekonomya at pulitika ang bulok na naghaharing sistema sa bansa. Sa harap ng masidhing pagdurusa ng sambayanang Pilipino sa gitna ng krisis, higit na nagaalab ang kanilang determinasyon na makibaka para sa kanilang kabuhayan at kagalingan, ipagtanggol ang kanilang demokratikong karapatan at ipaglaban ang kapakanan ng bayan laban sa dayuhang pandarambong at pambubusabos.

Nakasadsad ang ekonomya ng bansa na kinatatampukan ng pagkalugmok ng manupaktura at agrikultura, pagkabangkarote ng bansa at lalong pagkabaon sa utang. Dahil nakatali sa pandaigdigang sistemang kapitalista na dumaranas ngayon ng istagnasyon, ang ekonomya ng Pilipinas ay inaasahang humantong sa resesyon o lalong pagtumal sa mga darating na buwan. Lalong pinalalala ang krisis ng garapalan at malakihang korapsyon ng naghaharing pangkating Marcos at pagwawaldas sa napakalaking gastusing militar.

Pabulusok nang pabulusok ang kabuhayan at antas ng buhay ng malawak na masang anakpawis at petiburgesya. Walang-awat ang pagtaas ng presyo ng langis, pagkain at iba pang saligang bilihin, habang kulang na kulang ang sahod at kita sa kabila ng maghapong pagbabanat ng buto. Sa ilalim ng mga patakarang neoliberal, milyun-milyon ang walang hanapbuhay, inaagawan ng lupa, at pinagkakaitan ng pagkakakitaan (mga mangingisda, manininda, mga karinderya, drayber at opereytor ng *jeep*) ng mga dayuhang kumpanya at mga kasosyong malalaking kapitalista. Lugmok sa putik ng kahirapan at pagkabusabos ang mayorya ng mga pamilyang Pilipino.

Nagkakandarapa si Marcos na ilibre sa buwis, bigyan ng lupa, armadong pwersa at proteksyon at iba pang pribilehiyo ang dayuhang malalaking kapitalista at kasosyo nilang mga lokal na malalaking burgesyang komprador, mga kroni at burukratang kapitalista. Sa kabilang panig, nagtetengang-kawali siya sa hinaing ng masang anakpawis at buong sambayanang Pilipino para sa umento sa sahod, tunay na reporma sa lupa, pagbawas sa presyo, hanapbuhay, at iba pang kagyat na mga pangangailangan.

Pagkaupong-pagkaupo, kaagad nagsumamo si Marcos sa imperyalistang US. Kasunod ng patakaran ng US na kontrahin ang lumalawak na kapangyarihang pang-ekonomya at pangmilitar ng China, binigyangdaan ni Marcos ang pagpapalaki ng presensyang militar ng US at pinahintulutang gamitin ang bansa na malaking base militar.

Sa gitna ng krisis sa ekonomya at lumiliit na yamang paghahatian, lumalalim ang hidwaan sa mga nagriribalang pangkatin ng naghaharing uri, maging sa pagitan mismo ng naghaharing pangkating Marcos-Duterte, na pawang mata-

takaw sa yaman at kapangyarihan. Litaw na litaw ang pagbabalyahan ng mga pangkating Marcos at Duterte

Malinaw na malinaw sa sambayanan na kontra-mahirap at kontra-mamamayan ang rehimeng US-Marcos. Lubos na nahihiwalay ang naghaharing rehimeng Marcos sa masang Pilipino. Labis itong kinamumuhian ng taumbayan dahil sa pagiging tagapagmana ng diktadurang Marcos, at dahil sa malawakang pandaraya at manipulasyon sa resulta ng eleksyong 2022 para makaupo sa poder. Lalo pa ito ngayong kinasusuklaman dahil sa nakaririmarim na pamumuhay sa karangyaan at paglulustay ng pera ng taumbayan sa mga biyahe at piging, habang sadlak ang masa ng sambayanan sa malawak na karukhaan at kagutuman.

Walang patid ang paniniil ng estado sa ilalim ng rehimeng US-Marcos. Pinaghahari ang sindak at takot sa pamamagitan ng mga makahayop na pasistang taktika tulad ng pamamaslang, pagdukot, pagtortyur, matagalang pagbibilanggo gamit ang gawa-gawang mga kaso, at pagkukulong ng buo-buong komunidad sa mga garison ng militar. Sa gitna ng krisis, binubusalan nito ang taumbayan sa walang-saysay na layuning supilin ang kanilang mga hinaing at paglaban. Subalit itinuturo din nito sa masa na wala silang ibang masusulingan kundi ang magbuklod at makibaka upang ipagtanggol ang kanilang mga karapatan, kaysa tuluyang malugmok sa hirap at kamatayan.

Nililikha ng krisis ang mga kundisyon pabor sa ibayong pagpukaw, pag-organisa at pagpapakilos sa masa. Nasa pusisyon ang Partido na pamunuan ang papalaking mga pakikibakang masa at palakasin ang rebolusyonaryong kilusang masa kapwa sa kalunsuran at kanayunan, sa balangkas ng kabuuang pagsulong ng demokratikong rebolusyong bayan.

Upang epektibong mapamunuan ang sambayanang Pilipino, kailangang pangibabawan at iwaksi ng Partido ang iba't ibang anyo ng konserbatismo, repormismo, ligalismo, na sumasagka sa pagsulong ng taumbayan sa landas ng paglaban. Dapat patatagin ang loob, tapang at militansya ng masa na lumaban.

Sa pamumuno ng Partido at mga rebolusyonaryong pwersa, dapat ibayong palakasin ang mga pakikibakang masang pang-ekonomya ng lahat ng demokratikong uri at sektor, higit lalo ng masang manggagawa at magsasaka na silang bumubuo ng mayorya ng sambayanan, gayundin ng ibang sektor ng masang anakpawis at petiburgesya. Paalingawngawin sa lahat ng sulok ng bansa ang sigaw nila para sa kanilang kagalingan at mga karapatan, at sa pagbatikos sa pasista at pahirap na rehimeng US-Marcos.

Puspusang ilantad ang mga dayuhang monopolyo kapitalistang bangko at korporasyon na nasa likod ng pandarambong at pagpapahirap sa sambayanang Pilipino. Gayundin, palakasin ang mga pakikibaka laban sa panghihimasok militar ng US sa Pilipinas at ipaglaban ang pambansang kalayaan sa gitna ng namumuong armadong sigalot ng mga imperyalistang kapangyarihan.

Ibayong pasiglahin ang anti-pasistang mga pakikibaka. Magdoble-kayod sa paglantad ng terorismo ng estado sa kanayunan. Ipaglaban ang katarungan para sa lahat ng biktima ng pasistang krimen. Itaas ang kakayahan at determinasyon ng masa na lumaban sa ligal at iba pang paraan.

Buuin ang pinakamalapad na hanay ng nagkakaisang prenteng anti-Marcos at lubusang ihiwalay ang naghaharing rehimeng Marcos sa mamamayan. Kaalinsabay, dapat masigasig na itulak ang pagpapanagot kay Duterte at mga kasapakat nito sa mga pasistang krimen, pandaraya sa eleksyon at korapsyon. Hikayatin ang aktibong paglahok ng mga panggitnang seksyon ng mamamayan laban sa paghahari ng rehimeng US-Marcos.

Tiyak na lalakas ang mga pakikibakang masa sa darating na mga buwan, kasabay ng paglakas ng armadong pakikibaka sa kanayunan at pagsahol ng krisis ng naghaharing sistema. Dapat palakasin ang Bagong Hukbong Bayan upang bigwasan ang mga pasistang kriminal at ipagtanggol ang mamamayan.

Hugutin at ipunin ang galit sa dibdib ng masa at ituon sa rehimeng Marcos at pangkating Duterte. Isulong ang rebolusyonaryong kilusang masa at armadong pakikibaka para labanan at yanigin ang paghahari ng rehimeng US-Marcos. AB

ANG Bayan

Tomo LIV Blg. 22 | Nobyembre 21, 2023

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Paigtingin ang paglaban sa rehimeng US-Marcos sa gitna ng krisis at sigalot 1
Giriang Marcos-Arroyo-Duterte, tumatalim 3
Kumpanyang kroni ng mga Duterte, pinarusahan 4
4 na armas, nakumpiska ng BHB-SK 4
18 pasistang tropa, napatay sa mga opensiba 4
Laban para sa makabuluhang dagdag-sahod 5
Barya-baryang dagdag-sahod 6
Mga protesta 6
Sa madaling salita 7
Paghahanda ng US sa imperyalistang gera 8
3 Pulang mandirigma, dinakip at pinatay 9
Pagpupugay para kay Ka Sandy 9
Pagpapalayas at pagwasak sa kalikasan 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

Giriang Marcos-Arroyo-Duterte, tumatalim

Tumambad na sa publiko ang matagal-tagal nang kumukulong sigalot sa pagitan ng mga Marcos, Arroyo at Duterte sa sunud-sunod na atake at kontra-atake ng mga tauhan nito. Lalong tumindi ang banggaang ito sa gitna ng krisis sa ekonomya at dahil hindi na lahat mabusog o masapatan sa paghahati nila sa kayamanan, kapangyarihan at pribilehiyo ng estado.

Pinakalitaw ang girian sa pagitan ng pinuno ng Kongreso na si Martin Romualdez at bise presidente na si Sara Duterte. Sinakyan ni Romualdez ang malawak at mariing pagbatikos ng sambayanan sa *confidential* at *intelligence funds* at pagalis nito sa badyet sa 2024 ni Duterte bilang bise-presidente at kalihim ng Department of Education. Sumiklab naman ang sagutan ng kampo ni Romualdez at dating presidente na si Rodrigo Duterte matapos pagbantaan ng huli na "papatayin" si Rep. France Castro, kinatawan ng ACT Teachers Partylist at *deputy minority leader* sa mababang kapulungan, na nanguna sa pagbunyag at paglaban sa CIF.

Natulak ng banggaan na ito ang maramihang pagbitiw ng mga kapartido ni Duterte sa PDP-Laban—na mula 120 myembro ay may 15 na lamang na kasapi sa Kongreso. Kabilang sa mga kumalas si Rep. Aurelio Gonzales Jr na nagturo kay Duterte bilang nasa likod ng mga atake at pambabanta sa Kongreso.

Noong Nobyembre 7, walang kaabog-abog na tinanggal bilang *deputy speaker* ng Kongreso si Gloria Macapagal-Arroyo, karibal ni Romualdez at alyado ng mga Duterte. Kasabay niyang tinanggal ang kapwa niya *deputy speaker* na si Rep. Isidro Ungab, kinatawan ng ikatlong distrito ng Davao City. Parehong hindi pumirma si Arroyo at Ungab sa isang resolusyon na tuwirang nag-utos na "ipahayag" ng mga kongresista ang kanilang "pasasalamat, pakikiisa at suporta" kay Romualdez.

Maniobrahang militar

Noong Nobyembre 3, ibinunyag ni Gen. Romeo Brawner, hepe ng AFP, ang aniya'y "mga pakanang destabilisasyon," sa pamamagitan ng kudeta, laban kay Ferdinand Marcos Jr. Aniya, itinutulak ito ng mga retiradong upisyal at inilalako sa mga nasa aktibong serbisyo.

Itinanggi ng dating kalihim ng Information and Communications Technology na si Eliseo Rio, isang dating upisyal militar at isa sa mga tagapagtatag ng grupong TNTrio, na nagpapakana sila ng "destabilisasyon." Aniya, ang kampanya nila, kasama ang September Twenty-One Reform Movement, ay ang pagrepaso sa nagdaang eleksyong presidensyal para patunayan ang malawakang elektronikong pandaraya na nagpwesto kay Marcos Jr at Sara Duterte sa poder.

Pinabulaanan naman ng National Security Council (NSC) na may umiiral na pakanang destabilisasyon at sinabing "nagkamali" lamang ang mga repoter sa pag-intindi. Nagmaang-maangan naman ang nakatatandang Duterte na may kinalaman siya sa "usap-usapan" matapos umaming may kinausap siyang mga retiradong heneral.

Banta ng pag-aresto

Noong Nobyembre 14, lumaya sa pamamagitan ng pagpyansa si Sen. Leila de Lima mula sa pangatlo at huli niyang kasong may kaugnayan sa "gera kontra-droga" ni Duterte. Halos pitong taong ikinulong ang senadora sa mga kasong nakabatay sa mga testimonya ng mga hinatulang kriminal. Sadyang ginipit si de Lima dahil sa pagpasimuno niya sa imbestigasyon sa pagkasangkot niya kay Duterte sa mga pagpatay ng "Davao Death Squad" at sa pagiging numero unong kritiko ng "gera kontra-droga" sa Senado.

Sa kanyang pansamantalang paglaya, nangako si de Lima na makikipagtulungan sa International Criminal Court (ICC) kung saan kinasuhan si Duterte ng mga krimen laban sa sangkatauhan. Tuluy na tuloy na ang imbestigasyon kay Duterte sa kabila ng kanyang mga pagsisikap na idiskaril ito. Pinalulutang rin ng pangkating Marcos ang posibilidad na talakayin sa Kongreso ang mga batayan ng kanyang kaso sa ICC. AB

Kumpanya sa konstruksyon ng kroni ng mga Duterte, pinarusahan ng BHB-Bukidnon

Pinaralisa ng isang pangkat ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Bukidnon ang dalawang *backhoe* ng Ulticon Builders Incorporated (UBI) noong Oktubre 16 sa Sityo Mahagwa, Barangay Hagpa, Impasug-ong. Ang UBI ay kroning kumpanya sa konstruksyon ng mga Duterte na kumokopo ng malalaking pampublikong kontrata na nagkakahalaga ng ₱1 bilyon hanggang ₱3 bilyon kada taon.

Sangkot ang UBI sa mga proyektong mapanira sa kalikasan at mga sakahan, at nagpapalayas sa mga magsasaka sa kanilang lupa. Notoryus ang kumpanya sa napakababang sahod, hindi pagbabayad ng 13th *month pay* at iba pang benepisyo. Hindi rin ito nagbigay ng bayad-pinsala sa mga nasirang bahay, sakahan at gamit ng mga residente sa panahon ng konstruksyon nito.

Noong 2018 at 2021, pinatawan na ng parusa ng BHB ang UBI dahil sa pagsira nito sa kalikasan at pag-abuso sa mga manggagawa.

Kabilang sa mga kontrata ng UBI ang konstruksyon ng "farm-to-market-roads" (FMR) sa hilaga at katimugang Mindanao na ginagamit ngayon ng malalaking burgesyang kumprador para padaliin ang pagpasok at operasyon ng mga dayuhang mina, ekspansyon ng komersyal na plantasyon at mga planta ng enerhiya sa mga lupang pang-agrikultura at lupang ninuno.

Katuwang ang UBI sa anti-mamamayang kampanyang kontra-insurhensya ng AFP sa pagtatayo ng mga FMR na ito. Walang kyeme ang pagsuporta ng kumpanya sa mga "programang pangkapayapaan" ng bergudong 403rd Brigade at NTF-Elcac na naghahasik ng teror sa mamamayan ng Bukidnon. Liban sa konstuksyon ng mga FMR sa prubinsya, sangkot din ito sa konstruksyon ng pasilidad sa loob ng kampo militar ng 8th IB.

Itinayo sa Davao ang UBI noong 1993 ng pamilyang Gonzalez at ngayo'y pinamumunuan ni Carlos Gonzalez. Anak niya ang ngayo'y kinatawan ng *partylist* na MARINO at *deputy majority leader* sa mababang kapulungan na si Lisandro Gonzalez. Bahagi rin siya ng mga nagpapatakbo sa UBI. Isa si Lisandro sa masusugid na tagasuporta ng mga panukala ng rehimeng Marcos, kabilang na ang Maharlika Investment Fund. AB

4 na armas, nakumpiska ng BHB-Sultan Kudarat

DINIS-ARMAHAN NG MGA Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Sultan Kudarat ang despotiko at ahente ng 57th IB na si Junior Martinez sa Sityo Badiangan, Barangay Salangsang sa Lebak, Sultan Kudarat noong Nobyembre 13, alas-5 ng umaga. Nakumpiska sa kanya ang isang M16, isang *shotgun*, dalawang pistola, isang *hand grenade*, at radyong VHF.

Ginagamit ni Martinez ang naturang mga armas sa paninindak para mang-agaw ng lupa ng masang magsasaka sa lugar. Suportado si Martinez ng 57th IB at aktibong nakikipagtulungan sa mga sundalo.

Noong Nobyembre 10, naglunsad ng operasyong haras ang BHB-Sultan Kudarat laban sa detatsment ng 37th IB sa Sityo Pangyen, Barangay Hinalaan, Kalamansig. Pasimuno ang mga sundalo ng 37th IB sa pagsusugal, paglalasing at iba pang panggugulo sa baryo. Paulit-ulit din itong nangigiipit at namumwersa sa mga residente para "sumurender." Ikinalugod ng mga residente ang opensiba dahil sa perwisyong hatid ng tropa nito sa lugar.

Sa Quezon, winasak at sinilaban ng BHB-Quezon ang dalawang *dump truck* na gamit ng kumpanyang kwari sa bayan ng Unisan noong Nobyembre 8. Isinagawa ito bilang babala sa mga kumpanyang sangkot sa proyektong nakasisira sa kalikasan.

18 pasistang tropa, napatay sa mga opensiba ng BHB-Eastern Visayas

HINDI BABABA SA 18 sundalo ng 8th ID ang napatay at lima ang nasugatan sa serye ng mga taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Northern at Western Samar noong Hunyo hanggang Agosto.

Kabilang sa mga napaslang ang limang tropa ng 4th Scout Ranger Battalion (SRB), isa sa pinakahuling pwersang "elite" na ipinakat sa rehiyon para "tapusin" ang hukbong bayan.

Sa Northern Samar, limang magkakasunod na operasyong haras ang isinagawa ng hukbong bayan sa Silvino Lobos at Las Navas. Limang armadong opensiba rin ang inilunsad ng mga Pulang mandirigma sa Matuguinao, Western Samar.

Samantala, sa Southern Leyte, iniulat kamakailan ng BHB-Leyte Island ang pagbigo sa isang reyd ng 14th IB na naganap noong Abril at mga pasistang ganting hakbang ng yunit militar sa sibilyang mga komunidad. Napatay sa armadong opensiba ng BHB ang dalawang ahenteng militar at nakumpiska sa kanila ang dalawang kalibre .45 pistola, at tatlong selpon.

Inilunsad ang mga operasyong ito sa gitna ng mga *focus military operation* ng 8th ID na may daan-daang pasistang tropa, at gamit ang kanilang abanteng mga kagamitang pandigma katulad ng mga helikopter, *drone* at iba pa.

Laban para sa makabuluhang dagdag-sahod, pinaiigting ng mga manggagawa

Namomroblema si Dong kung saan niya kukunin ng panggastos para sa kanyang tatlong anak, ang isa rito'y nasa kolehiyo na. "Nitong kinsenas, walong libo lang ang nakuha ko," aniya. *Foreman* o "bisor" si Dong sa isang malaking daungan sa Maynila. Hindi siya ang may pinakamababang sahod sa mahigit 800 manggagawa ng piyer na lalong hirap makaagapay sa mga pangangailangan ng kanilang mga pamilya.

Dahil mas mataas sa kasalukuyang minimum ang sinasahod niya na ₱800 kada araw, hindi sakop si Dong at iba pang katrabaho sa kakarampot na ₱40 pagtaas ng arawang sahod ng mga manggagawa sa National Capital Region (NCR) noong Hunyo. Pero malayong mababa pa rin ang sahod niya sa kailangang ₱1,189 para mabuhay nang maayos ang isang pamilya.

Ang masama pa, hindi araw-araw ang trabaho sa piyer. "Regular ang turing sa amin, pero madalas na umaabot lang mula walo hanggang 10 araw ang trabaho namin sa dalawang linggo," ani Dong.

Noong nakaraang taon, nakapagbuo ang mahigit 500 manggagawa ng piyer ng isang unyon para protektahan ang kanilang mga karapatan. Pero naagaw ng maneydsment ang kontrol sa unyon at abugado nito. Nagbabalak ngayon sina Dong na itulak ang eleksyon para mapalitan ang naturang unyon ng isang tunay na unyon na mangangalaga sa kanilang karapatan.

Nitong Nobyembre, nagpulong ang mga myembro ng unyon. Tatlong oras silang nagpulong, mula alas-7 hanggang alas-10 ng umaga. Sa panahon na ito, tantya ng mga manggagawa na aabot sa ₱2 milyon ang nawala sa kumpanya. Ani Dong: "Papaano pa kaya kung magwewelga kami? Kaya takot ang maneydsment sa amin."

Laban ng mga unyon at kilusang paggawa

Tulad ni Dong, sinikap ng maraming manggagawa na palawakin at palakasin ang kilusang unyon bilang salalayan ng lakas ng manggagawa sa pakikipagnegosasyon sa kapitalista. Nitong taon, sumiklab ang mga welga at protesta sa ilang mga pabrika sa Southern Tagalog at NCR sa gitna ng mga dedlak sa negosasyon para sa *collective bargaining agreement* o CBA.

Mayor na iginigiit ng mga manggagawa sa mga negosasyong ito ang dagdag-sahod, na sa maraming kaso ay noon pang bago magpandemya ibinigay ng mga kapitalista. Kabilang dito ang laban ng Fuji Electric Phils. sa Laguna at Samahan ng mga Manggagawang Nagkakaisa sa Umicore Specialty Chemicals sa Subic, Pampanga. Naipanalo naman ng mga panadero sa Laguna ang kanilang unyon na Panadero ng Philfoods Fresh Baked Product Inc laban sa unyong pakawala ng maneydsment at NTF-Elcac.

Binigyan ng kilusan ng paggawa ng panibagong tulak ang kampanyang Sahod Itaas, Presyo Ibaba! nitong taon. Sinikap ng iba't ibang grupo ng manggagawa na magtulak ng dayalogo sa rehimeng Marcos pero ni minsan ay hindi sila hinarap.

Sinuportahan nila ang panukala para sa pambansang minimum na sahod sa Kongreso at para sa ₱150 *across-the-board* sa Senado. Walang usad ang panukala sa Kongreso habang ang sa Senado ay nananatiling nasa antas "prinsipyo." Sa mga rehiyon, naghapag ng mga petisyon ang mga lokal na pederasyon at unyon sa mga *regional wage board* pero baryabarya, nahuhuli at utay-utay pa ang umentong ipinag-utos ng mga ito. (*Tingnan ang kaugnay na artikulo.*)

"Mapagpasya ang pag-oorganisa at pagpapakilos sa mga manggagawa," ayon kay Rene, lider-manggagawa sa isang sentro ng paggawa. Tulad ng itinuro ng kasaysayan, hindi kusang ibinibigay ng kapitalista o reaksyunaryong estado ang anumang dagdag kung hindi malakas, matapang at militante ang kanilang paglaban. Tatlumpu't apat na taon na mula nang huling napwersa ang estado na iggawad ang makabuluhang dagdag-sahod.

Kailangang magpalakas

Kasabay ng pakikibaka sa sahod, pinalalakas ng kilusang manggagawa ang pakikipagkaisa nito sa iba't ibang sektor.

Bahagi rin ng laban ng mga manggagawa ang pagsalag sa mga atake ng rehimeng Marcos at ng mga kapitalista sa kanilang organisadong hanay. Noong Setyembre, biktima ng ekstra-hudisyal na pamamaslang si Jude Fernandez, beteranong organisador ng kilusang paggawa. Sa mga rehiyon ng Southern Tagalog at Caraga, dinesaparesido ang ilang lider-manggagawa habang ang iba ay iligal na inaresto. Sa Davao at Cebu, target ng pambabanta at pamimilit ang mga lider ng rehiyunal na sentro para "makipagtulungan" sa kampanyang kontra-insurhensya ng militar. AB

Barya-baryang dagdag-sahod sa gitna nagtataasang presyo ng bilihin

NANANATILING NAKAPAKO SA mababang antas ang sahod sa Pilipinas sa harap ng baryang dagdag-sahod na ipinag-utos ng mga *regional wage board* sa nagdaang limang buwan. Kulang na kulang ito para makaagapay ang mga pamilyang manggagawa sa matatarik na pagtaas ng mga presyo ng bilihin, laluna ng pagkain at langis.

Noong Setyembre, naagnas nang 28% ang tunay na halaga ng sahod dulot ng implasyon. Sa NCR, ₱504 na lamang ang tunay na halaga ng natatanggap na minimum na ₱610. Wala pa ito sa kalahati ng ₱1,189 kada araw na antas ng nakabubuhay na sahod. Sa abereyds, 35.5% lamang sa nakabubuhay na sahod ang natatanggap ng mga manggagawa sa buong bansa. Kahit bumaba ang implasyon noong Oktubre, nananatiling mas mababa sa hangganan ng kahirapan (₱12,040/buwan) ang natatanggap nilang abereyds ₱9,158 kada buwan. Malayong-malayo ito sa nakabubuhay na sahod na ₱25,816 kada buwan noong Oktubre.

"Makupad" at "barya-barya" ang tugon sa mga petisyon para sa dagdag-sahod na inihapag ng mga unyon at sentro ng paggawa na mula ₱150 hanggang ₱220. Anim sa mga rehiyon ang nagtaas ng baryang ₱30 at tatlo nang ₱35. Pinakamataas na ang ₱50 dagdag-sahod sa National Capital Region at ilang industriya sa Calabarzon. Katiting na nga, "staggered" o utay-utay pa ang pagpapatupad nito sa ilang rehiyon. Hanggang ngayon, wala pang dagdag sahod sa mga rehiyon ng 10, 11 at 13, gayundin sa BARMM, kung saan pinakamalaki ang agwat ng minimum at nakabubuhay na sahod.

Mas malala ang iginawad na dagdag-sahod sa mga manggagawang-bukid na ₱20 hanggang ₱40 mas mababa kumpara sa mga manggagawa sa industriya at serbisyo. Tinawag ng mga manggagawang-bukid na "limos" ang dagdag sa arawang minimum na madalas pang hindi ipinatutupad sa kanayunan. Sa kasalukuyan, sumasahod ang kalakhan ng mga manggagawa sa agrikultura nang mula ₱16 hanggang ₱240 lamang kada araw.

Lalong hindi nakaagapay ang dagdag-sahod para itaas ang antas ng sahod ng kababaihan. Sa pangkabuuan, mas mababa nang 13.9% ang natatanggap ng mga kababaihang manggagawang minimum ang sahod kumpara sa kalalakihan, ayon mismo sa ahensya ng estadistika ng estado. Mas malaki ang pagkakaiba sa mga trabahong propesyunal, tulad sa larangang digital, kung saan mas mababa nang 18.4% ang sahod ng kababaihan kumpara sa kalalakihan.

3-araw na tigil-pasada. Inilunsad ng mga drayber at opereytor ng dyip, sa pamumuno ng Piston, ang tatlong araw na tigil-pasada mula Nobyembre 20 hanggang 22. Sagot nila ito sa patuloy na pagpapatupad ng phaseout sa jeepney ng rehimeng Marcos sa mukha ng pwersahang konsolidasyon sa kanilang prangkisa. Sa unang araw ng welga, 85% paralisado ang mga ruta sa Metro Manila. Nakapaglunsad ng mga pagkilos sa 27 erya sa Maynila, sa mga syudad ng Baguio, Cebu, Iloilo, Bacolod at Davao, at sa Cavite, Laguna, Albay

Papanagutin ang US sa henosidyo sa Israel. Pinamunuan ng Bayan ang daan-daang nagrali sa mismong tapat ng US embassy sa Maynila noong Nobyembre 14 para kundenahin ang papel ng US sa henosidyo laban sa mamamayang Palestino at panunulsol ng mga imperyalistang gera. Anim na raliyista ang nasugatan nang hinarang at tinangkang buwagin ng mga pulis ang martsa bago makarating sa embahada.

Pilipinas, *not for sale*. Sinalubong ng protesta ng mga organisasyong Pilipino sa San Francisco, California ang paglapag ni Ferdinand Marcos Jr at kanyang delegasyon sa US para dumalo sa Asia-Pacific Economic Cooperation Summit noong Nobyembre 14. Binatikos nila ang pagbebenta ni Marcos sa Pilipinas sa likas na yaman at lakas-paggawa ng Pilipinas sa dayuhang mga kumpanya.

Hustisya para sa mga biktima ng Yolanda. Pinangunahan ng People's Rising for Climate Justice Philippines ang protesta sa Mendiola noong Nobyembre 8 para singilin ang estado sa "kriminal na kapabayaan" nito sa mga biktima ng mga bagyo at sakuna. Isinagawa naman ng iba't ibang grupong pangkalikasan ang isang martsa sa San Juanico Bridge, Sta. Rita, Leyte tungong Tacloban City noong Nobyembre 7. Ang martsang ito ay bahagi ng 30-araw na alay-lakad para gunitain ang ika-10 anibersaryo ng Yolanda.

***Walk-out* ng mga kabataan.** Tatlong daang estudyante at kabataan mula pribado at pampublikong pamantasan ang nag-*walk-out* sa klase noong Nobyembre 20 sa Cebu City para igiit ang kanilang karapatan sa edukasyon at batikusin ang panunupil ng estado. Noong Nobyembre 17, naglunsad din ng koordinadong pagkilos ang daan-daang kabataan sa 16 na sentro ng protesta sa bansa para gunitain ang Pandaigdigang Araw ng mga Estudyante.

Wala pa ring hustisya. Pinangunahan ng Alyansa ng Magbubukid sa Asyenda Luisita ang pagkilos sa Department of Agriculture sa Quezon City ng mga magsasaka noong Nobyembre 16 para gunitain ang ika-19 taong anibersaryo ng masaker sa pitong manggagawang-bukid sa isang kampuhan para igiit ang kanilang karapatan sa lupa. Lumahok sa aktibidad ang mga magsasaka mula sa kalapit na Hacienda Tinang.

Welga sa Valle Verde. Ikinasa ng Valle Verde Country Club Inc. Employees Union ang kanilang welga noong Nobyembre 11 matapos magdedlak ang negosasyon para sa kanilang CBA. Tumanggi ang maneydsment sa giit ng mga manggagawa na ₱38.50 dagdag sa arawang sahod, kahit 2019 pa huling nagkaroon ng dagdag-sahod.

₱30/ARAW

lamang ang umentong ipinag-utos ng mga "wage board" sa Cordillera, Bicol at Eastern Visayas. Bahagyang-bahagyang tumaas ang minimum na sahod, malayo pa rin sa arawang pangangailangan.

REHIYON	DAGDAG SAHOD	BAGONG MINIMUM	LIVING WAGE*
CAR	**₱30**	₱430	₱1,191
Ilocos	**₱35**	₱435	₱1,113
Cagayan	**₱30**	₱450	₱1,073
Central Luzon	**₱40**	₱493-₱500	₱1,141
Calabarzon	**₱35-₱50**	₱385-₱520	₱1,105
NCR	**₱50**	₱610	₱1,189
Bicol	**₱30**	₱415	₱1,138
Western Visayas	**₱30**	₱480	₱989
Central Visayas	**₱33**	₱420-₱468	₱1,247
Eastern Visayas	**₱30**	₱425	₱856
Zamboanga Peninsula	**₱30**	₱368-₱381	₱1,242
Soccsksargen	**₱35**	₱403	₱1,158

** Nakabubuhay na sahod (Oktubre)*

$6.534 B

balak utangin ng Pilipinas sa **Asian Development Bank**

para sa 15 proyektong tulad ng $2.108-bilyong Bataan-Cavite Interlink Bridge Project at $2-bilyong Laguna Lakeshore Road Network Project na kapwa magdadala ng polusyon, wawasak sa kapaligiran, at magpapalayas sa daan-daang mamamayan.



$25 MILYON

ang ginastos ng US para palaparin ang paliparan sa **Basa Air Base** sa Pampanga para magamit ng malalaking eroplanong pandigma nito.



Nasa loob ito ng isang "EDCA site" at hindi maaaring gamitin ng mga Pilipino kung walang pahintulot ng mga Amerikano.

$275M

halaga ng armas na binili ng Pilipinas sa **Israel** mula 2018.

Pangatlong pinakamalaki ang bansa sa mga importer ng armas mula Israel, tulad ng gawang **Elbit Systems**, na dambuhala ang kinikita sa **henosidyo sa Gaza**.

134 PILIPINO

ang nasa Gaza at kasama sa binomba ng Israel—**76 pa lamang ang nakauwi** dahil sa pagsasara ng Israel sa mga hangganan at kakuparan ng rehimeng Marcos Jr.

Pinagkunan: DFA, Nobyembre 14, 2023

al-Shifa

pinakamalaking ospital sa **Gaza** na walang-pakundangang inatake ng Israel dahil umano gamit ito ng armadong pwersa ng Hamas.

36 ospital na ang di gumagana dulot ng walang awat na pang-aatake ng Israel.

Pinagkunan: WHO, Nobyembre 17, 2023

Walang patid ang paghahanda ng US para sa imperyalistang gera sa Asia

Tuluy-tuloy na pinalalawak ng US ang presensyang militar nito sa Asia, habang nasa gitna ito ng posibleng lumawak na armadong sigalot sa Middle East, at ng nagtagal nang gerang *proxy* na inilunsad nito sa Ukraine laban sa Russia.

Sa Pilipinas, pinahihigpit ng US ang kontrol sa Armed Forces of the Philippines sa pamamagitan ng sunud-sunod na war games at permanenteng pagpupwesto ng mga tropa at gamit militar sa kalupaan at karagatan ng bansa. Anumang araw, ang malalaking barko nito na may lulang mga *drone*, eroplanong pandigma at libu-libong tropa ay matatagpuan sa loob ng teritoryong dagat ng Pilipinas o kanugnog na mga karagatan sa tabing ng "freedom of navigation operations."

Di bababa sa 12 malalaking *war games* na sangkot ang militar ng Pilipinas ang nailunsad ng US katuwang ang rehimeng Marcos. Wala pa rito ang kasinglaki, kundiman mas malalaking *unilateral*, *bilateral* at *multilateral* na *war games* na inilulunsad nito sa soberanong karagatan ng bansa nang walang partisipasyon, awtoridad o kahit kaalaman ang papet na estado ng Pilipinas.

Pinalalahok ng US sa *war games* hindi lamang ang sariling mga tropa, kundi pati ang mga alyadong tropa mula Europe, North America at Asia. Sa kalupaan, may kabuuang 40,000 tropa ang lumahok sa *war games* ng US. Pinakamalaki sa mga ito ang Balikatan 2023, kung saan 12,200 tropang Amerikano (sa kabuuang 17,600) ang sangkot sa mga pagpapasabog ng kanyon, paghuhulog ng bomba, pagpapalipad ng mga misayl, pagsasanay sa paglusob at iba pa.

Bahagi ang mga ito sa 496 pinagkasunduang aktibidad militar ng US sa bansa sa 2023. Sa gayon, buong taon na nagaganap ang mga aktibidad militar at operasyong sibil-militar kung saan buong nakapailalim ang mga pwersa at makinarya ng AFP sa kontrol ng militar ng US.

Para makapagpatuloy ng papalaking bilang ng mga tropang Amerikano, todo ang pagkukumpuni sa mga "EDCA site" o mga base at pasilidad militar kung saan may ekstra-teritoryal na karapatan ang US. Di bababa sa 15 pasilidad sa 32 inaprubahang proyekto sa mga baseng ito ang minamadali ngayong tapusin ng tau-tauhan ng AFP. Pinakahuling natapos ang 3-kilometrong paliparan sa Basa Airbase sa Pampanga.

Dinagdagan pa ito ng 63 "bagong pasilidad," batay sa pagpupulong ng Mutual Defense Board-Security Engagement Board noong Setyembre. Itinakda rin sa naturang pagpupulong ang paglulunsad ng mahigit 500 *war games* at iba pang aktibidad militar sa 2024. Kasabay nito, inianunsyo ng dalawang estado ang pagdadagdag ng mga base sa umiiral nang siyam na "EDCA site."

"Pwersang pang-atake" sa China

Noong Setyembre, inanunsyo ng US ang pagpakat ng Marine Rotational Force-Southeast Asia (MRF-SEA), isang *task force* na ang tungkulin ay maglunsad ng "magkatalikurang" *war games* sa rehiyon. Inilunsad nito ang Sama-Sama 2023 na tumakbo nang 12 araw noong Oktubre at nilahukan ng mahigit 1,000 tropa mula sa US, Pilipinas, Australia, Canada, France, Japan, Malaysia at United Kingdom.

Mula naman Nobyembre 9, inilunsad nito ang Kamandag 7 sa Palawan, Zamboanga, Tawi-Tawi at Batanes, kalahok ang 3,000 tropa mula sa Pilipinas, US, South Korea at Japan. Bago nito, isinagawa ng US sa Philippine Sea ang 5-araw na Multi-Large Deck Event simula Nobyembre 4, isang *war games* na walang partisipasyon ang AFP.

Pangalawang taon nang ipinakat ng US ang MRF-SEA para magsilbing "forward-positioned" o abanteng tropa ng US sa Southeast Asia. Ginagamit nitong tabing ang lehitimong hinaing ng mga Pilipino laban sa agresyon ng China sa West Philippine Sea para makapanatili ang malaking bilang ng mga tropa sa teritoryo ng bansa.

Liban sa war games sa mga teritoryo ng Pilipinas, inilulunsad MRF-SEA ang Cooperation Afloat Readiness and Training sa Brunei, Marine Exercise sa Indonesia, at Exercise Valiant Mark sa Singapore. Nakapokus ang mga ito pangunahin sa pagsasanay ng mga sundalong Marines ng US, "kabalikat" ang mga "lokal na hukbo," para maging pwersang pang-atake o *strike force* ng US Navy. Alinsunod ito sa Force Design 2030 ng US Marine Corps na may layuning ihanda ang naturang mga yunit sa pinaghahandaan nitong gerang nabal laban sa China. AB

3 Pulang mandirigma, dinakip at sadyang pinatay sa Mindoro at Sultan Kudarat

Tatlong Pulang mandirigma ang pinatay habang nasa kustodiya ng militar nitong nakarang dalawang linggo. Sa Oriental Mindoro, nadakip at sadyang pinatay ng 203rd IBde ang mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Mindoro na sina Jethro Isaac Ferrer (Ka Pascual) at Peter Rivera (Ka Rochie) sa Barangay Buong Lupa, Gloria noong Nobyembre 13. Pinalabas silang napaslang sa isang gawa-gawang engkwentro sa araw ding iyon. Dinakip din dito si Ka Jasel at hindi pa inililitaw hanggang ngayon.

Sa Sultan Kudarat, dinakip at sadya ring pinatay ng 37th IB ang Pulang mandirigmang si Rafael Zambrano (Ka Dodong/Tres) noong Oktubre sa Sityo Surong, Barangay Hinalaan, Kalamansig, Sultan Kudarat. Nadakip si Zambrano sa isang bahay sa Sityo Bugkog, Barangay Limulan noong Oktubre 8 at ipinailalim sa tortyur. Pagsapit ng Oktubre 11 ng umaga, natagpuan ang kanyang bangkay mula sa pinalabas ng militar na "engkwentro" sa gabi ng Oktubre 10 sa Sityo Kalamagan, Barangay Limulan.

Sa Negros Occidental, pinatay ng mga pwersa ng 15th IB ang mga magsasakang sina Waren Cadarin at Jovy Moreño at pinalabas na napatay sa isang gawa-gawang engkwentro sa Barangay Yaoyao, Cauayan noong Nobyembre 7. Si Cadarin ay dinukot ng mga sundalo sa kanyang sakahan sa Sityo Indangawan, Barangay Manlucahoc, Sipalay noong Nobyembre 4. Iniulat siyang nawawala ng kanyang pamilya sa pulisya at lokal na radyo.

Pag-aresto. Dinakip at ikinulong ng mga sundalo ng 94th IB at lokal na pulis ang mga sibilyang sina Joel Casusa at Jenny Radles noong Nobyembre 8 sa Sityo Pisok, Barangay Buenavista, Himamaylan City, Negros Occidental. Si Casusa ay dating tagapangulo ng lokal na asosasyon ng mga magsasaka sa Barangay Buenavista, habang si Radles ay aktibong kasapi ng grupo. Dati nang biktima ng iligal na pag-aresto si Casusa noong 2019. Pinalalabas ng militar na mga kasapi sila ng BHB na nadakip matapos ang isang engkwentro sa lugar.

Pagdukot. Sa Batangas, magkasunod na dinukot ng mga pwersa ng estado ang organisador ng mangingisda na si Mariano Jolongbayan noong Nobyembre 17 sa Lian at si Karla Mae Monge, organisador ng kabataan, noong Nobyembre 20 sa bayan ng Tuy. Nananawagan ang kanilang mga kaanak na ligtas na ilitaw at pakawalan ang dalawa.

Panggigipit. Ginipit at tinakot ng mga pwersang militar ang pamilya ng aktibistang si Kristel Asilom, lider-kabataan ng Anakbayan-Bulacan noong Nobyembre 11. Sa Davao City, ginipit naman ng mga elemento ng NTF-Elcac ang lider-manggagawa na si Paul John Dizon noong Nobyembre 13. Parehong pinuntahan ng mga sundalo ang bahay ng kanilang mga kamag-anak. Sa kaso ni Dizon, binantaan siyang sasampahan ng mga kasong kriminal kung hindi makikipagtulungan.

Panghahalughog. Pinasok at hinalughog ng mga sundalo ng 62nd IB ang bahay ng magsasakang si Maximo Cañete sa Barangay Amuntay at Melvin Vilando sa Barangay Santol, pareho sa Binalbagan, Negros Occidental noong Nobyembre 13. Pinararatangan silang mga tagasuporta ng hukbong bayan at binantaang papatayin. AB

Pinakamataas na pagpupugay kay Kasamang Josephine Mendoza

Binibigyan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at buong rebolusyonaryong kilusan ng pinakamataas na pagpupugay at Pulang saludo si Kasamang Josephine Mendoza (Ka Sandy), myembro ng Komite Sentral at ikalawang pangalawang kalihim ng panrehiyong komite ng Partido sa Southern Tagalog.

Pumanaw si Ka Sandy noong Nobyembre 10 sa edad na 59. Sa iba't ibang lugar na kanyang kinilusan, kilala rin siya bilang si Nene, Minerva at Victoria Mirayan.

Iniukol ni Ka Sandy ng mahigit apat na dekada ng kanyang buhay sa paglilingkod sa rebolusyon at sa api't pinagsasamantalahang masa sa kanayunan at kalusuran ng rehiyon.

Produkto si Ka Sandy ng pagsiklab ng kilusan laban sa diktadurang Marcos Sr noong dekada 1980. Sumapi siya sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong 1984 at nagsilbi sa namumunong mga komite ng Partido at BHB sa mga larangang gerilya sa Mindoro at bilang pangalawang kalihim ng komite ng PKP sa Palawan noong dekada 1990.

Malaki ang naging ambag niya sa pagpapasigla ng rebolusyonaryong kilusan sa kalunsuran ng rehiyon mula dekada 1990. Maraming mga pakikibakang masa ang pinamunuan niya sa ilalim sunud-sunod na rehimeng Estrada, Arroyo, Aquino, Duterte hanggang sa panunumbalik ng pamilyang Marcos sa poder.

Pagpapalayas at pagwasak sa kalikasan ng pagmimina sa Camarines Norte

Muling ibinubwelo ngayon ng Mt. Labo Exploration and Development Corporation (MLEDC) ang *open-pit mining* sa bayan ng Labo sa Camarines Norte. Isa ang kumpanya sa 11 operasyong mina sa prubinsya na kasalukuyang nandarambong sa kalupaan dito. Ang kumpanya ay sosyohan ng mga dayuhang kumpanyang Canadian, Australian at ng pamilyang Villar.



Pinatatakbo ng MLEDC ang Mabilo Project para magmina ng ginto at tanso. Saklaw nito ang 3,484.2 ektaryang lupa sa Barangay Dumagmang. Dagdag dito ang 165.9 ektarya na nakapailalim sa permit para sa eksplorasyon ng kumpanya. Humukay ang kumpanya ng 112 malalaking butas para sa pagsusuri ng lupa dito mula pa 2011. Binigyan ito ng lisensya na mag-opereyt hanggang Hunyo 27, 2041.

Tinatakam ng kumpanya ang tinataya nitong 1.97 milyong onse ng ginto at 472,000 tonelada ng tanso sa mga minahang ito. Naglaan ito ng $17.4 milyon sa operasyon na tinataya nitong tatabo ng kita na $52 milyon taun-taon.

Lilimasin nito ang mga mineral sa pamamagitan ng *open pit* na pagmimina, ang pinakamasahol na paraan ng pagmimina na wawasak sa mga bundok at lalason sa mga ilog at dagat. Sa paraang ito, hindi limitado at kumakawala sa kalupaang saklaw ng operasyon ang lason at polusyon na manunuot sa katubigan at sakahan.

Pagpapalayas at pasismo

Pinalalawak ngayon ang mga kalsada sa mga barangay ng Exciban at Dumagmang para malayang makadaan ang dambuhalang makinarya sa pagmimina ng MLEDC. Tinatayang 100 pamilya ang nanganganganbang mapalalayas sa pagpapalawak na ito. Nangagamba silang basta na lamang mapalayas at lalong malulugmok sa hirap. Katiting na ₱25,000 ang iniaalok ng kumpanya sa mga palalayasin sa kanilang lupa.

Dagdag na pinangangambahan ng mga residente ang presensyang militar at pulis na umaaktong ahente at protektor ng MLEDC. Batid nilang tiyak na tatargetin ng mga ito ang sinumang magpahayag ng hinaing at pagtutol.

Kasalukuyang nakahimipil at nakakampo ang militar sa magkanugnog na mga barangay ng Exciban, Dumagmang, Malaya at Bagong Silang 1. Walang-tigil ang mga operasyong kombat at saywar ng mga tropa nito sa naturang mga barangay.

Dayuhang pag-aari

Malalaking dayong kapital ang tunay na kumokontrol sa MLEDC. Sa papel, sosyohan ito ng kumpanyang Pilipino na SageCapital (60%) at dayuhang SRM Gold Limited (40%), kumapanyang nakabase sa British Virgin Islands. Ang SRM Gold Limited ay pag-aari ng kumpanyang Australian na RTG Mining Inc. Samantala, ang SageCapital ay pag-aari ng Pilipinong kumpanya na TVI Resource Development Phils Inc na sosyohan ng kumpanyang Canadian na TVI Pacific Inc at mga Villar.

Bago pa man ang kasalukuyang kaayusan sa MLEDC, naharap na ito sa anomalya ng paglabag sa batas ng reaksyunaryong gubyerno kaugnay ng pag-aari ng dayuhang kumpanya. Noong Agosto, nabunyag ang manipulasyon ng dating mga dayuhang kumpanyang imbwelto sa MLEDC. Kaugnay nito, sinampahan ng kaso ang mga direktor ng kumpanya mula 2011 hanggang 2015.

Pagtataboy sa mapangwasak na pagmimina

Malaon nang nilalabanan ng mga residente ng Barangay Dumagmang at kalapit nitong mga barangay ang dayuhang pagmimina. Noong 2007, mahigit 3,000 pamilya ang nakinabang sa tagumpay na kampanyang pagpapalayas sa MLEDC (noo'y El Dore Mining Corporation) sa kinamkam nitong 400 ektaryang lupain sa barangay.

Matapang na nagtayo ng barikada ang mga residente sa harap ng minahan na nakapwesto sa Sityo Nalisbitan sa Barangay Dumagmang. Nakipaggitgitan ang mga residente at magsasaka para itaguyod ang kanilang karapatan sa lupa. Tumagal at nasustine ang naturang kampanyang masa. Sa barikada na kumakain, natutulog at pamalagiang nagtitipon ang mga residente bilang pagpapamalas ng kanilang pagkakaisa.

Sa panahon ding ito binigwasan ng BHB-Camarines Norte ang kumpanya. Inilunsad ng hukbong bayan ang isang reyd noong Oktubre 4, 2007 kung saan nakakumpiska ito ng 30 armas mula sa mga gwardyang nagbabantay sa minahan. Sinunog ng mga mandirigma ang lahat ng mga kagamitan sa pag-opereyt at nasamsam ang iba pang kagamitang pangseguridad.

Dahil sa matagumpay na pagpapalayas sa dayuhang kumpanyang El Dore sa lugar, naibalik sa mga magsasaka ang lupa. Pinakinabangan ng masa ang mga gintong nakukuha sa pamamagitan ng pagkakabod, sa anyo ng pagbubuo ng sarili nilang korporasyon at kooperatiba. AB